ANO ANG DAPAT GAWIN KAPAG MAY BABALANG TSUNAMI?

- Kung kinakailangan ang paglikas, mayroong mga alarmang tutunog. Kapansin-pansin at malawakang pagbaha sa lupa ay inaasahan. Lumayo sa mga ilog, mga batis, at mga daluyan ng tubig na patungo sa dagat dahil sa malakas na mga alon ng tsunami.

  Kung wala kayo sa mga sona ng tsunami ebakwasyon, manatili sa inyong kinakalagyan upang mabawasan ang kasikipan ng trapiko.
- I-check sa Hawai'i Radio at mga istasyon ng TV, **HNL.info** o ang NOAA Weather Radio para sa mga impormasyong emergency. (Ang mga Pambansang news station ay maaaring walang impormasyon ukol sa Hawai'i)
- Kung kayo ay nasa metropolitan na mayroong mga matataas na gusali, maaaring opsyon ang bertikal na paglikas. Ang gusali ay dapat hindi baba sa 10 palapag na gawa sa pinatibay na konkreto at kinakaila-ngan na tumungo sa ika-4 na palapag o higit pa para sa kaligtasan.

  Ilipat ang mga bangka at mga barko sa malalim na tubig kung mayroong oras.
- Umiwas sa mga Sona ng Tsunami Ebakwasyon hanggang sa may ipalabas na "All Clear" na pahayag ang mga lokal na opisiyal ng emergency. Sundin ang mga lokal na opisyal ng emergency at mga taga-pagpatupad ng batas. Huwag bumalik sa mga Sona ng Tsunami Ebakwasyon hanggang sa sabihin ng mga lokal na awtoridad na ligtas na ito.
- I-check sa Hawai'i Radio at mga istasyon ng TV, **HNL.info**, o ang NOAA Weather Radio para sa mga impormasyong emergency ukol sa mga pang-matagalang pampublikong tirahan at/o mga sentro ng tulong kalamidad.

KUNG IKAW AY NAKAKARANAS NG ANUMANG MGA SENYALES NG NATURAL NA BABALA, SUNDIN ANG PAYONG ITO:

- Agad na lumikas sa mga ligtas na lugar, palayo sa dagat hanggang sa matataas na lupa at papalayo sa mga mabababang lugar sa may baybayin. O umakyat sa isang gusali na di-bababa sa 10 palapag, patungo sa ika-4 na palapag o mas mataas pa.

- Huwag maghintay ng opisyal na babala.
- Maglakad o magbisikleta lamang kung posible.
- Huwag nang mag-impake ng inyong mga kagamitan o magpaliban.

- Huwag bumalik sa dalampasigan – ang mga malalaking alon ay maaaring magpatuloy na dumating sa baybayin ng ilang oras.

PAANO AKO MAGHAHANDA?

- Tiyakin muli kung kayo ay naninirahan, nagtatrabaho, naglalaro, o naglalakbay sa Tsunami Evacuation Zone, Extreme Tsunami Evacuation Zone o sa Safe Zone.
- Pag-aralan online ang Impormasyon at mga Mapa sa Tsunami Evacuation sa online sa **www.honolulu.gov/dem**, sa lokal na Hawaiian Telcom White Pages Telephone Book, o sa kahit-saang Pampublikong Aklatan.
- Maghanda ng mga mahahalagang gamit sa GO BAG sa simula pa lamang. Ang GO BAG ay isang bag, maleta, o kit na madali ninyong kunin at dalhin tuwing mayroong sitwasyong emergency.



Mga nilalaman ng GO BAG

ANO ANG DAPAT GAWIN PARA SA MALALAYONG MGA LINDOL AT MGA TSUNAMI?

Para sa mga lindol na nagaganap sa Pacific Rim, suriin kung mayroong tsunami watch, advisory, o warning para sa Hawai'i.

ANO ANG DAPAT GAWIN PARA SA MGA LOKAL NA LINDOL AT MGA TSUNAMI?

DUMAPA
Dumapa [sa iyong mga kamay at tuhod] upang hindi kayo matumba ng lindol.

MAGTALUKBONG
Talukbungan ang inyong ulo at leeg gamit ang inyong mga braso upang maprotektahan ang sarili sa mga nahuhulog na kalat at basura. Umiwas sa mga salamin at bintana.

HUMAWAK
Humawak sa kahit anong matitibay na panalukbong upang makagalaw ka habang hawak ito hanggang sa tumigil ang pagyanig.

- Manatili sa kinalalagyan hanggang sa tumigil ang mga pag-yanig. Huwag lumabas hanggang sa tumigil ang pag-yanig.
- Ang lindol ay maaaring magsanhi ng lokal na tsunami na maaaring dumating sa ilang minuto lamang. Kung kayo ay malapit sa dagat, tumungo agad sa mas mataas na lugar patungo sa Ligtas na Sona sa labas ng Tsunami Evacuation Zone kapag tumigil na ang pag-yanig.
- Huwag mag-antay na magpalabas ng babala ukol sa tsunami.
- Mahinahong maglakad o magbisikleta patungo sa Ligtas na Sona o Safe Zone, huwag gamitin ang inyong sasakyan.

TAGALOG



MGA KATOTOHANAN UKOL SA TSUNAMI

MGA KATANUNGANG MADALAS ITANONG

Maghanda ngayon para sa tsunami

Alamin ang tungkol sa tsunami at makatulong sa pagligtas ng mga buhay!

MAHALAGANG IMPORMASYON NA KAILANGAN MONG MALAMAN

Department of Emergency Management
City and County of Honolulu
www.honolulu.gov/dem dem@honolulu.gov
Phone (808) 723-8960 TTY (808) 723-8966

O'AHU

ANO ANG ISANG TSUNAMI?

- Ang mga tsunami ay mga serye ng napaka-mapanganib, malalaki, at mahahabang alon ng dagat. Hindi mo maaaring languyin o i-surf ang tsunami dahil bumabaha ito sa lupa tulad ng matulin na pag-agos ng ilog (o mabilis na pag-taas ng tubig). sa halip na bumabaluktot at nabubuwag tulad nang karaniwang alon na pang-surf. Ang tsunami ay dumadampot at nagdadala ng mga debris, kung saan lumalaki ang posibilidad ng pagka-pinsala.
- Maaaring magpatuloy-tuloy nang ilang oras ang alon ng tsunami, na kung saan ang mga alon ay dumarating kada 10 minuto hanggang isang oras ang pagitan. Maaaring hindi pinakamalaki ang unang alon.
- Ang mga tsunami ay naglalakbay ng kasing-bilis ng isang jet airliner (humigit-kumulang 500 mph) sa ilalim ng dagat na may mga alon na may ilang pulgada lamang ang taas.
- Habang dumarating ang mga tsunami sa baybayin ito ay bumabagal ngunit lubos na tumataas ang alon nito. Ang mga tsunami ay humahampas nang may mapaminsalang puwersa at mabilis na binabaha ang mga mabababang baybayin na maaaring magbanta sa mga buhay at ari-arian. Batay sa kasaysayan, ang mga lugar sa Hawai'i ay binabaha ng tubig nang mahigit na 30 talampakan ang lalim.
- Ang mga tsunami ay karaniwang dulot ng mga mababaw na lindol sa ilalim ng dagat.
- Ang mga tsunami ay hindi kadalasang dulot ng pag-sabog ng bulkan sa ilalim ng dagat, mga pag-guho ng lupa, mga paglagpak, at mga bulalakaw.
- Ang mga bahay at mga maliliit na gusali ay hindi nadisenyo upang malabanan ang epekto ng tsunami.



ITO ANG MGA NATURAL NA BABALANG PALATANDAAN NA MAY PADATING NA ISANG TSUNAMI

MAKIRAMDAM: Mararamdaman ang pagyanig ng lupa (lindol) na sobrang lakas na ang pakiramdam mo ay hindi ka na makatayo.

MAKITA: Makikita mo ang tubig ng dagat na umaatras, umiikot, o gumagalaw nang hindi pangkaraniwan.

MARINIG: Maririnig mo ang dagundong ng tsunami na parang katunog ng isang jet aircraft o freight train.

MGA ANTAS NG ALERTONG TSUNAMI (PACIFIC TSUNAMI WARNING CENTER)

- **Tsunami Information Statement**
  Kapag naglabas ng Pahayag na Impormasyon sa Tsunami, walang pagbabanta ng tsunami.
- **Tsunami Watch**
  Kung may ipinalabas na Tsunami Watch, dapat na maghanda kayo para agarang makakilos dahil maaaring magkaroon ng tsunami.
- **Tsunami Advisory**
  Kung may ipinalabas na Tsunami Advisory, dapat na lumayo sa mga dalampasigan at baybayin at lumikas sa mga daungan/marinas.

  Ilipat ang mga bangka at mga barko patungo sa malalim na tubig kung mayroong oras.

  Asahan ninyo ang mga malalakas at mapapanganib na mga alon sa mga baybayin at daanan ng tubig. Ngunit hindi aasahan ang kapansin-pansin na pag-baha sa lupa.
- **Tsunami Warning**
  Kung may ipinalabas na Tsunami Warning, mabilis na umalis sa mga Sona ng Pulang Tsunami Ebakwasyon (nakaguhit sa makapal na linya) patungo sa mga Berdeng Ligtas na Sona na ipinapakita sa Mapa ng Tsunami Ebakwasyon.
- **Extreme Tsunami Warning**
  Kung may ipinalabas na Extreme Tsunami Warning, mabilis na umalis sa mga Sona ng Dilaw na Extreme Tsunami (nakaguhit sa tu-tuldok-tuldok na linya) at sa mga Sona ng Pulang Tsunami Ebakwasyon (nakaguhit sa makapal na linya) patungo sa mga Berdeng Ligtas na Sona na ipinapakita sa Mapa ng Tsunami Ebakwasyon.

  Ang napakalaking lindol na mayroong 9+ magnitude ay maaaring lumikha ng matinding tsunami. Maaaring mayroon lamang 3.5 na oras upang makalikas bago dumating ang unang alon.



Mapa ng Ebakwasyon Para sa Tsunami (Waikīkī)



Sa bawat ikot ng isang bilog, may 1 oras ang itatagal ng pagdating ng tsunami sa Hawai'i.

PAGKATAPOS NG TSUNAMI: KAILAN LIGTAS NA BUMALIK?

- Ang tsunami ay maaaring naging mapanira o hindi mapanira. Kung ito ay naging mapanira, ang emergency na paghahanap at mga operasyong pag-sagip ay agad na sisimulan sa lupa at sa dagat. Ang "All Clear" para bumalik sa mga na-apektuhang lugar ay maaaring hindi ipalabas nang mga ilang oras o mga ilang araw.
- Kung ang tsunami ay hindi naging mapanira, ang "All Clear" na nagpapahintulot ng pagbalik sa mga baybayin ay maaaring ipalabas. Ngunit ang "All Clear" na nagpapahintulot na bumalik sa tubig ay maaaring hindi kinakailangang ipalabas.
- Ang mga baybayin ay maaaring napinsala ng pagbaha, nasirang mga bahay, mga gusali, debris, mga sunog, mga tumapong peligrosong materyal (HAZMAT) at mga hindi magamit na mga sistemang utility lifeline (elektrikal, telekomunikasyon, kalsada / tulay, at mga linya ng natural gas, atbp.) Hindi maaaring makapasok ang publiko sa mga lugar na ito hanggang maalis ang mga debris at basura sa mga daanan.
- Hintayin ang "All Clear" na pahayag mula sa mga lokal na opsiyal ng emergency bago bumalik sa mga baybayin at katubigan.

FOR MORE INFORMATION:

DEPARTMENT OF EMERGENCY MANAGEMENT
CITY AND COUNTY OF HONOLULU
WWW.HONOLULU.GOV/DEM DEM@HONOLULU.GOV
PHONE (808) 723-8960 TTY (808) 723-8966

INTERNATIONAL TSUNAMI INFORMATION CENTER
PACIFIC TSUNAMI WARNING CENTER
HAWAIITSUNAMI.ORG TSUNAMI.GOV ITIC.TSUNAMI@NOAA.GOV
PHONE (808) 725-6050